



Pansamantalang Gabay para sa Mga Programa sa Pag-aalaga ng Bata at Mga Day Camp sa Tag-init

Na-update noong Mayo 22, 2020

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) para sa lokal na paggamit, at ipo-post sa <http://www.sfdcp.org/covid19/>. Puwedeng magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago ng kaalaman at tranmisyon sa komunidad.

AUDIENCE: Mga tagapangasiwa at direktor ng mga programa sa pag-aalaga ng bata at day camp sa tag-init.

Buod ng Mga Pagbabago sa Gabay na Inilabas noong Mayo 22, 2020

Na-update ang gabay para isama ang:

- Para sa mga day camp sa tag-init, impormasyon tungkol sa mga petsa ng pagsisimula, minimum na tagal ng session, maximum na laki ng grupo, ipinag-aatas na ratio ng mga tauhan, at mga ipinag-aatas sa sertipikasyon ng Tag-init 2020
- Paglilinaw sa mga priyoridad na grupo para sa enrollment
- Mga link sa mga tool na Balangkas sa Pagdedesisyon ng Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) para sa pag-aalaga ng bata at mga programa sa tag-init para sa pagpapasya kung dapat bang magbubukas

LAYUNIN: Para tulungan ang mga programa sa pang-aalaga ng bata, c, at ang kanilang mga partner na maunawaan ang mga bagong ipinag-aatas at rekomendasyon para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 at ligtas na mapatakbo ang kanilang mga programa.

BACKGROUND: Alinsunod sa Mga Kautusan sa Kalusugan ng San Francisco na Manatili sa Bahay, pinapayagan ang mga programa sa pag-aalaga ng bata na manatiling bukas para lang sa mga anak ng mga mahalagang manggagawa. Sa isang Kautusan sa Kalusugan na inilabas noong Mayo 22, 2020, pinapayagan na magbukas ang mga programa sa pag-aalaga ng bata at day camp sa tag-init para sa lahat ng bata at teenager sa Hunyo.

Ang mga programa para sa mga bata at teenager ay humaharap sa mga partikular na hamon sa pag-iwas sa pagkalat ng COVID-19. Madalas na hindi nagagawa ang mga bata ang mga gawi na kinakailangan para iwasan ang pagkalat ng COVID-19—magpanatili ng 6 na talampakang layo, magsuot ng mga takip sa mukha, at magpanatili ng personal na kalinisan. Maraming day camp sa tag-init ang may mga buong linggong session sa mga nakalipas na taon, na may iba't ibang grupo ng mga bata at teenager sa bawat linggo. Ang mga bata at teenager sa mga programang ito ay maaaring magkaroon ng interaksyon sa maraming iba't ibang bata at tauhan sa loob ng ilang linggo. Ang mismong dami ng mga interaksyon sa pagitan ng mga halos magkakasabay na grupo ng mga bata at tauhan sa mga day camp sa tag-init ay nagiging dahilan ng panganib sa buong lungsod sa pagkalat ng impeksyon ng COVID-19. Itinatakda ng gabay na ito ang mga rekomendasyon para mabawasan ang mga panganib na ito, at protektahan ng mga bata, teenager, at tauhan mula sa COVID-19.

MGA NILALAMAN:

Kailan puwedeng magbukas ang mga programa sa pag-aalaga ng bata at day camp sa tag-init?.....	2
Mga ipinag-aatas para sa mga programa sa pag-aalaga ng bata at day camp sa tag-init	3
Mga karagdagang hakbang para iwasan ang pagkalat ng COVID-19.....	7
Ang gagawin kung ang isang bata, teenager, o tauhan ay nalantad o nagkaroon ng COVID-19.....	10
Mga Karagdagang Sanggunian.....	11



Kailan puwedeng magbukas ang mga programa sa pag-aalaga ng bata at day camp sa tag-init?

Ang mga programa sa pag-aalaga ng bata ay palaging naging bukas para sa mga anak ng mga mahalagang manggagawa. Sa ngayon, pinapayagan na ng Kautusan sa Kalusugan ng San Francisco C19-07e ang pag-enroll sa lahat ng bata sa mga programa sa pag-aalaga sa bata at day camp sa tag-init simula sa mga petsang ito.

Puwedeng palawigin ng mga programa sa pag-aalaga ng bata ang pag-enrol sa mga bata sa Hunyo 1, 2020.

Ang mga day camp sa tag-init para sa mga bata at teenager ay puwede nang magbukas para sa mga bata sa Hunyo 15, 2020.

Ipo-post online ang kautusan sa kalusugan at mga nauugnay na direktiba sa <https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp>

Gawing prioridad ang pag-enroll para sa mga sumusunod na grupo:

- Mga anak ng mga taong nagtatrabaho sa mga negosyo o organisasyong pinapayagang manatiling bukas o muling magbukas alinsunod sa Mga Kautusan sa Kalusugan ng San Francisco
- Mga nanganganib ba bata at teenager, kasama ang:
 - Mga bata at teenager na kliyente ng Mga Serbisyo para sa Pamilya at Bata (Family and Children's Services, FCS) o nasa panganib ng pag-abuso, pagpapabaya, o pananamantala
 - Mga batang kwalipikado sa pamamagitan ng Pantulong na Programa para sa Emergency na Pag-aalaga sa Bata para sa Mga Foster na Bata (Emergency Child Care Bridge Program for Foster Children)
 - Mga bata at teenager na nakakaranas ng kawalan ng tirahan
 - Mga batang nakaligtas sa karahasan sa bahay
 - Mga bata at teenager na may kapansanan o espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan na kasama sa mga serbisyo ng Pagtuturo at Pangangalaga sa Bata (Early Learning and Care, ELC) ang indibidwal na programa sa edukasyon (individualized education program, IEP) at/o plano sa indibidwal na suporta sa pamilya (individual family support plan, IFSP)
 - Mga bata at teenager mula sa mga pamilyang mababa ang kita, kasama ang mga nakakatanggap ng o kwalipikado sa libre o mas murang tanghalian sa paaralan, Medi-Cal, SNAP (food stamp), WIC, Head Start, CalWorks, at iba pang programang pantulong sa publiko.

Ang mga programa sa pag-aalaga ng bata at day camp sa tag-init na magpapasyang magbukas ay dapat tumugon sa mga ipinag-aatas sa ibaba, pati na rin sa mga partikular na ipinag-aatas na nakalista sa kautusan sa kalusugan at mga nauugnay na direktiba. Dapat ding suriin ng mga programa ang mga tool na balangkas sa pagdedesisyon ng CDC para malaman ang kanilang kahandaang magbukas ng mga programa sa [pag-aalaga sa bata](#) at [programa at camp sa teenager](#).



Mga ipinag-aatas para sa mga programa sa pag-aalaga ng bata at day camp sa tag-init

Nasasaklawan ng gabay na ito ang mga pangkalahatang prinsipyo at estratehiya para mabawasan ang panganib sa COVID-19. Tingnan ang Kautusan sa Kalusugan ng San Francisco at iba pang nauugnay na direktiba para sa mga karagdagang partikular na ipinag-aatas.

Panatilihin ang mga bata at teenager sa iisang maliit ng grupo. Huwag payagan ang mga grupo na makipag-ugnayan sa isa't isa.

Mababawasan nito ang tsansa ng pagpasok ng COVID-19 sa karaniwang pangkat ng bata at sa programa.

Limitahan ang laki ng grupo. Panatilihin ang ipinag-aatas na ratio ng mga tauhan para matiyak ang kaligtasan.

- Dapat gawin ng lisensyado ng estado na pasilidad sa pag-aalaga ng bata para sa mga batang 0-5 taong gulang ang mga sumusunod:
 - Limitahan ang laki ng grupo sa 10 bata kada kwarto o espasyo, ayon sa Dibisyon ng Paglilisensya sa Pangangalaga sa Komunidad (Community Care Licensing Division, CCLD) ng Departamento ng Serbisyong Panlipunan ng California
 - Sundin ang ipinag-aatas ng estado na ratio sa nasa hustong gulang at bata para sa mga tauhan, na nasa pahina 3 ng *"Social and Physical Distancing Guidance and Healthy Practices for Child Care Facilities in Response to COVID-19"* (*"Gabay sa Social at Physical Distancing at Kasanayan sa Kalusugan para sa Mga Pasilidad sa Pag-aalaga sa Bata bilang Tugon sa COVID-19"*) ng CDSS na nasa https://cdss.ca.gov/Portals/9/CCLD/PINs/2020/CCP/PIN_20-06-CCP.pdf
- Dapat gawin ng mga day camp sa tag-init ang:
 - Limitahan ang laki ng grupo sa 12 bata o teenager kada kwarto o espasyo, alinsunod sa Kautusan sa Kalusugan ng San Francisco.
 - Magkaroon ng minimum na 2 tauhan kada grupo.
 - Hindi kasama sa maximum na bilang ng mga bata kada grupo ang mga menor de edad na 14-17 taong gulang, na magtatrabaho bilang tauhan ng programa, kasama ang mga intern.
- Hindi dapat lumampas ang isang grupo sa 10-12 bata o teenager, kahit hindi dumadalo ang lahat ng bata o teenager sa programa nang magkakasabay. Halimbawa:
 - Ang isang programa sa pag-aalaga ng bata ay hindi maaaring magkaroon ng grupo ng 5 batang dadalo nang full-time, 3 bata tuwing Lun/Miy/Biy, at 3 bata tuwing Mar/Huw (kabuuan ng 11).
 - Ang isang day camp sa tag-init ay hindi puwedeng magkaroon ng grupo ng 8 bata na dadalo para sa buong araw, 4 na dumadalo tuwing umaga lang, at 4 na dumadalo tuwing hapon lang (kabuuan ng 16).
- Ang mga tauhan na may mga sintomas ng COVID-19, nalantad sa COVID-19, o nagkaroon ng positibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19 ay hindi puwedeng bumalik sa trabaho mula sa unang araw hanggang sa lampas 14 na araw, depende sa sitwasyon. Magplano nang maaga para sa mga hindi pagpasok ng mga tauhan. Kumuha ng mga taong sanay sa pag-aalaga ng mga bata at teenager para matiyak na mayroon kang listahan ng mga substitute na caregiver na puwedeng pumasok bilang kapalit. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang mga gabay sa pagbabalik sa trabaho ng SFDPH sa <https://www.sfdcp.org/rtw>.



Panatilihin ang mga bata, teenager, at tauhan sa parehong grupo. Limitahan ang mga interaksyon sa pagitan ng mga grupo.

- Panatilihing nasa iisang grupo bawat araw ang mga bata at teenager.
 - Italaga ang mga bata at teenager na mula sa iisang pamilya sa parehong grupo, kung posible.
 - Ang mga bata at teenager dumadalo sa isang day camp sa tag-init ay dapat manatili sa isang grupo sa buong session.
 - Ang mga programa sa pag-aalaga sa bata at day camp sa tag-init ay pinapayagang maglipat ng mga bata o teenager mula sa isang grupo papunta sa isa pang grupo kapag kinakailangan ang isang pagbabago para sa kabuuang kaligtasan at kalagayan ng bata o kabataan.
- Panatilihin ang mga tauhan sa iisang grupo sa bawat araw. Huwag maglipat ng mga tauhan mula sa isang grupo papunta sa isa pa, kung posible.
- Kung ang isang programa ay may mahigit sa isang grupo ng mga bata o teenager,
 - Hindi dapat makipag-ugnayan ang mga grupo sa bawat isa.
 - Ang bawat grupo ay dapat nasa isang hiwalay na kwarto o espasyo.
- Para sa mga malaking indoor na espasyon tulad ng mga gymnasium o auditorium, mahigit sa isang grupo ang puwedeng gumamit ng espasyo kung:
 - Ang espasyo ay may hindi bababa sa 144 na kwadrang talampakan (12' x 12') kada bata o teenager, o humigit-kumulang 1750 kwadrang talampakan para sa isang grupo ng 12.
 - May malinaw na marka ang nakatalagang lugar para sa bawat grupo, at pinaghihiwalay ng 10-12 talampakan "bawal puntahan" na espasyong pagitan na hindi dapat gagamitin ng magkabilang grupo.
 - Puwedeng magkaroon ng sapat ng bentilasyon ang espasyo, halimbawa, sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana o pinto.
 - Dapat ay may mga partisyon para panatilihing dumadaloy ang hangin nang direkta mula sa isang grupo papunta sa isa pa. Halimbawa, puwedeng gumamit ng gym divider na kurtina.
 - Ang bawat grupo ay mula sa iisang camp o programa sa pag-aalaga sa bata.

Kapag pumipili ng mga aktibidad na magaganap sa isang pinagbabahagiang espasyo, isaalang-alang ang potensyal ng pagkakaroon ng mga respiratory droplet o aerosol, at subukang gawin ang mga aktibidad na mas mataas ang panganib sa labas. Halimbawa, ang pangkatang pag-awit o mahigpit na laban ng basketball kung saan may sumisigaw sa court ay nasa mas mataas na panganib kumpara sa isang tahimik at hindi magalaw na aktibidad.

Mga day camp sa tag-init: 3 linggo na minimum na haba ng session, mga ipinag-aatas sa pagdalo, at self-certification.

- Puwedeng piliin ng mga day camp sa tag-init kung ilang ang iaalok nila, pero ang bawat session ay dapat tumagal nang hindi bababa sa tatlong linggo. Ang session na 3 linggo ang tagal ay dapat magsimula at magtapos sa mga sumusunod na petsa:
 - Hunyo 15-Hulyo 2, 2020
 - Hulyo 6-Hulyo 24, 2020
 - Hulyo 26-Agosto 14, 2020



Dapat subukan ng mga camp na mas mahaba ang session na makipag-usap hinggil sa kanilang iskedyl sa isa sa mga petsa ng pagsisimula o pagtatapos sa itaas, para maiwasan ang mga gap o overlap sa pag-aalaga sa tag-init para sa mga bata at teenager na dumadalo sa iba't ibang programa.

- Ang mga bata at teenager ay puwede lang mag-enroll sa isang camp sa isang pagkakataon. Kung aalis ang bata o teenager nang maaga sa camp, hindi na siya puwedeng dumalo sa iba pang camp nang hanggang 3 linggo mula sa pagsisimula ng unang camp.
- Dapat dumalo ang mga bata at teenager sa unang linggo ng session. Hindi puwedeng dumalo sa mga huling session ang mga hindi dumalo sa unang linggo.
- Puwedeng piliin ng mga bata at teenager na hindi dumalo sa buong programa, pero kung aalis sila, papalitan sila ng ibang bata.
- Itinalaga ang mga paghihigpit sa itaas para mas mapababa ang tsansa ng mga bata at teenager na maimpeksyon ng COVID-19 sa isang programa, at pagkatapos ay pagpunta sa isa pang camp o pagbalik sa paaralan bago sila magkaroon ng mga sintomas, at paghawa ng COVID-19 sa kabilang grupo.

Magsuot ng mga face mask at takip sa mukha na gawa sa tela (mga nasa hustong gulang, mas matandang bata, at teenager)

- Dapat magsuot ng mga facemask o takip sa mukha na gawa sa tela ang lahat ng nasa hustong gulang at teenager na 13 taong gulang pataas sa lahat ng oras. Kasama rito ang mga miyembro ng pamilya at tagapag-alaga na naghihintay sa labas para maghatid o magsundo ng mga bata.
- Hikayatin ang mga batang 3 hanggang 12 taong gulang na magsuot ng takip sa mukha nang may may pagsubaybay ng nasa hustong gulang.
- Huwag gumamit ng mga face mask o takip sa mukha na gawa sa tela para sa mga batang 2 taong gulang pababa, sinumang nahihirapang huminga, o natutulog, walang malay, o iba pang hindi makakapagtanggal ng mask nang walang tulong.
- Hindi dapat magsuot ang mga bata ng face mask o takip sa mukha na gawa sa tela sa oras ng pag-idlip.

San Francisco Department of Public Health

Mga Takip sa Mukha para sa Mga Bata sa Publiko at sa Mga Programa para sa Kabataan

Alinsunod sa kautusan ng Opisyal sa Kalusugan ng San Francisco:



Mga edad (ayon sa taon)

- 0-2** Ang mga 0 – 2 taong gulang ay hindi dapat magsuot ng takip sa mukha dahil sa panganib ng suffocation
- 3-12** Ang mga 3 – 12 taong gulang ay inirerekomendang magsuot ng takip sa mukha ngunit hindi inirerekomenda. Kung mayroon suot na takip sa mukha, dapat subaybayan
- 13+** Ang mga 13 taong gulang pataas ay dapat magsuot ng takip sa mukha

<https://www.sfc-dcp.org/wp-content/uploads/2020/05/COVID19-Flyer-Children-Face-Covering-FINAL-05.03.2020.pdf>

I-screen ang mga bata, kabataan, at tauhan para sa mga sintomas ng COVID-19 kapag dumating sila

- Tanungin ang mga tauhan, magulang/tagapag-alaga, at kabataan tungkol sa mga posibleng sintomas ng COVID-19 kapag dumating sila.
- Inirerekomenda rin ng CDC na kunin ng mga programa sa pag-aalaga ng bata ang mga temperatura ng mga bata gamit ang thermometer pagdating nila, o tanungin ang mga pamilya na kunin ito bago dumating sa pasilidad sa pag-aalaga ng bata.



- Alinsunod sa CDSS, ang mga programa sa pag-aalaga sa bata lang na gumagamit ng “non-touch” (infrared) na thermometer ang kumuha sa temperatura ng mga bata pagdating nila. Kung ang mga programa ay gumagamit ng thermometer na idinidikit sa bata (sa ilalim ng dila o braso, noo, atbp.), dapat lang kunin ng mga tauhan ang mga temperatura kung naghihinala sila ng pagkakaroon ng lagnat. Inirerekomenda rin ng SFDPH ang mga “non-touch” na thermometer para sa pag-screening.
- Ang tauhang may sintomas o lagnat ay dapat pauwiin kaagad, ipaalam sa supervisor, at tawagan ang kanilang pangunahing provider ng pangangalaga.
- Dapat pauwiin ang mga bata na mayroong sinotmas o lagnat.
- Ang mga tauhan at pamilya ng mga batang nasa pag-aalaga sa bata o camp ay dapat na hikayating magpasuri sa COVID-19, hangga't maaari ay sa kanilang provider sa pangangalagang pangkalusugan (primary care provider, PCP) o medical home. Nakalista ang iba pang opsyon sa pagpapasuri sa: <https://sf.gov/find-out-how-get-tested-coronavirus>

Para sa mga detalyadong tagubilin sa pag-screen, tingnan ang *Asking COVID-19 Screening Questions and Measuring Temperatures when Screening for COVID-19 (Pagtatanong para sa Pag-screen sa COVID-19 at Pagsukat ng Mga Temperatura kapag Nag-si-screen para sa COVID-19)* ng SFDPH sa sfcdp.org/covid19, sa ilalim ng “Businesses and Employers” (“Mga Negosyo at Empleyado”).

Pagtatanogn tungkol sa mga sintomas

- Tumayo nang hindi bababa sa 6 na talampakang layo mula sa taong sini-screen.
- Tanungin ang mga tauhan, magulang/tagapag-alaga ng teenager, o bata para kumpirmahing walang lagnat, pangangapos ng hiningi, o ubo ang bata o teenager.
- Tingnan ang iyong anak o teenager. Maghanap ng mga senyales ng karamdaman tulad ng mga namumulang pisngi, mabilis na paghinga, o problema sa paghinga, labis na pagkapagod, o labis na pagkabalisa.
- Hindi inirerekomenda ng CDC ang paggamit ng personal na pamprotektang kagamitan (personal protective equipment, PPE) kung ang tauhan ay may 6 na talampakang layo mula sa bata o pamilya sa pag-screen.

Pagkuha ng temperatura ng bata

Kung may sintomas ng COVID-19 ang isang bata, at kailangan siyang pauwiin, hindi na kailangang kunin ang kanyang temperatura.

- Kung papayuhan ng programa ang mga pamilya na kunin ang temperatura ng bata bago dumating, tanungin ang pamilya kung ano ang temperatura ng bata o teenager. Kung hindi nila ito kukunin, puwede silang payagan ng mga programa sa pag-aalaga sa bata na gamitin ang thermometer ng programa sa pag-aalaga sa bata.
- Kung kinukuha ng mga tauhan ang mga temperatura gamit ang isang no-touch na thermometer, sundin ang mga hakbang sa ibaba.
 - Maghugas ng kamay o gumamit ng hand sanitizer, at pagkatapos ay magsuot ng mga malinis at disposable na guwantes.
 - Tumayo sa likod ng pisikal na harang, tulad ng salamin o plastic na bintana o partiyon na magpoprotekta sa mukha at mucous membranes ng miyembro ng tauhan mula sa mga respiratory droplet na posibleng lumabas kung bumahing, umubo, o magsalita ang batang sini-screen.




- *Hindi kailangan ng mga tauhan ng pisikal na harang ng personal protective equipment (PPE), kasama ang facemask, mga guwantes, at gown, kapag kumukuha ng mga temperatura. Dapat sanayin ang mga tauhan hinggil sa kung paano ligtas na magsusuot at mag-aalis nga PPE. Dapat sumangguni ang mga programang gustong gawin ang paraan na ito sa “Gabay para sa Mga Programa sa Pag-aalaga sa Bata na Nananatiling Bukas” ng CDC, sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html#ScreenChildren>*
- Kunin ang temperatura ng bata, ilabas ang kamay sa harang o window. Tiyaking natatakpan ng harang ang iyong mukha sa lahat ng pagkakataon sa pag-screen.
- Kung hindi mo nahawakan ang bata, hindi mo kailangang magpalit ng mga guwantes bago ang susunod na pagsusuri.
- Pagkatapos alisin ang mga guwantes, hugasan ulit ang iyong kamay.
- Dapat hugasan ng mga bata, teenager, at tauhang papasa sa pag-screen ang kanilang kamay gamit ang sabon o tubig, o linisin ang kanilang kamay gamit ang hand sanitizer bago pumasok sa gusali sa programa.

Mga karagdagang hakbang para iwasan ang pagkalat ng COVID-19

Mga estratehiya sa social distancing

Limitahan ang pagsasama ng mga bata at teenager:

- Paghiwa-hiwalayin ang oras ng paglalaro at iba pang aktibidad, para walang dalawang grupo ang nasa iisang lugar nang magkasabay.
- Panatilihin nakahiwalay ang mga grupo para sa mga espesyal na aktibidad gaya ng sining, musika, at pag-eehersisyo.
- Pag-isipan ang pagkakaroon ng hiwa-hiwalay na oras ng pagkain/pagmemeryenda. Pag-isipan ang paghihiwalay sa oras ng pagkain ng mga tuhan, para hindi nila alisin ang kanilang takip sa mukha nang kasabay ng mga bata, teenager, o iba pang tauhan.
- Hikayatin ang mga indibidwal na aktibidad tulad ng pagpipinta, pag-craft, at pagbuo gamit ang mga bloke, at iba pang materyales.
- Paghiwa-hiwalayin hangga't maaari ang mga bata, mainam kung mayroon silang 6 na talampakang layo, para sa mga indibidwal na aktibidad at lalo na sa pagkain at pagmemeryenda, kapag nakaalis ang mga takip sa mukha.
- Sa oras ng pag-idlip, paglayu-layuin hangga't maaari ang mga higaan o kuna ng mga bata, mainam kung hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo ng mga ito. Subukang pahigain ang mga bata sa kanilang mga higaan na sila para sila ay nakahiga nang maayos. (tingnan ang diagram)
- Gumawa ng mga plano sa social distancing, gumamit ng chalk at mga materyales tulad ng mga pool noodle at yarn para gumawa ng mga personal na espasyo.





- Hangga't maaari, gumawa ng maraming aktibidad sa labas.
 - Pag-isipan ang pagmemeryenda at pagkain sa labas, dahil ito ang oras kung kailan puwedeng alisin ng mga mas matandang bata ang kanilang mga mask.
 - Gumawa ng mga field game o outdoor na aktibidad na nagbibigay ng mas maluwag na mga oportunidad sa pag-eespasyo.
 - Puwedeng laruin ang mga sport na may pinaghihiraman o pisikal na contact, tulad ng soccer, basketball, baseball, softball, at tennis, pero sa pagitan lang ng mga pirming grupo ng 10-12 bata o teenager. Linisan ang kagamitan nang kahit isang beses sa isang araw.
- Kanselahin o ipagpaliban ang mga espesyal na kaganapan kung saan kasali ang mga magulang at pamilya, tulad ng mga pista, kaganapan sa holiday, at espesyal na pagtatanghal.
- Huwag magkaroon ng mga pagtitipon tulad ng mga campfire, sing-along, at iba pang aktibidad na nagsasama-sama ng malalaking grupo o bata, kahit gagawin ito sa labas.

Limitahan ang contact ng mga tauhan sa mga pamilya sa paghahatid at pagsusundo

- Sabihan ang mga miyembro ng pamilya at tagapag-alaga na magsuot ng mga face mask o takip sa mukha na gawa sa tela kapag naghahatid o nagsusundo ng mga bata, at sa lahat ng oras kapag nasa loob ng pasilidad.
- Dapat magpanatili ang mga tauhan ng 6 na talampakang layo mula sa mga magulang at tagapag-alaga.
- Paghiwa-hiwalayin ang mga oras ng paghahatid para limitahan ang contact sa pagitan ng mga pamilya, kung posible.
- Kapag dumating ang mga bata, sa labas dapat sila batiin ng mga tauhan. Kung inaatasan ng programa sa pag-aalaga sa bata at camp ang mga bata o teenager na mag-sign in, maglagay ng mga istasyon sa pag-sign in sa labas, at maglaan ng mga sanitary wipe para linisin ang mga pen sa pagitan ng mga paggamit.
- Isaalang-alang ang paghatid at pagsundo sa curbside, kung saan susunduin sa labas ng pasilidad ng mga tauhan ang mga bata kapag dumating sila, at ihahatid ang mga bata sa labas.
- Mainam kung ang parehong miyembro ng pamilya o isang itinalagang tao ang maghahatid at magsusundo sa bata araw-araw. Huwag hikayatin ang mga lolo at lola at ibang mas matandang kamag-anak na magsundo ng mga bata, kung sila ay 60 taong gulang, dahil sila ay nasa mas mataas na panganib para sa [malubhang karamdaman](#).

Payagan ang telework at mga alternatibong tungkulin para sa mga tauhan na nas mas mataas na panganib sa malubhang impeksyon sa COVID-19.

- Isaayos ang pagtatrabaho sa bahay ng mga pang-administratibong tauhan, kapag posible.
- Ang mga tauhang 60 taong gulang pataas at ang mga nasa mas mataas na panganib sa malubhang impeksyon sa COVID-19 dahil sa mga malubhang medikal na kundisyon ay dapat bigyan ng mga iniangkop na tungkulin, kung saan mababawasan at direkta at malapit na interaksyon sa mga bata, kung posible. Tingnan ang "People at Higher Risk for Severe Disease" ("Mga Taong nasa Mas Mataas na Panganib para sa Malubhang Sakit") para sa listahan ng mga medikal na kundisyong nauugnay sa malubhang impeksyon sa COVID-19. <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/need-extra-precautions/people-at-higher-risk.html>



Hikayatin silang maghugas ng kamay at magpanatili ng malinis na pangangatawan

- Hikayatin ang mga bata, teenager, at tauhan na maghugas ng kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o gamit ang hand sanitizer, lalo na bago kumain, pagkatapos pumunta sa banyo o mag-diaper, o pagkatapos magpunas ng ilong, umubo, o bumahing.
- Maglagay ng mga istasyon para sa kalinisan na malapit sa pasukan para sa mga bata, teenager, at tauhan, na magagamit kaagad kapag dumating sila. Huwag hayaang maabot ng mga sobrang bata ang hand sanitizer, at subaybayan ang paggamit dito.
- Bigyan ng kaalaman ang mga bata, teenager, at tauhan hinggil sa mga pangunahing hakbang para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon, kasama ang pagtatakip kapag umubo at bumahing, at madalas na paghuhugas ng kamay.
- Isali ang mga bata at teenager sa paggawa ng mga karatula na nagpapaalala sa mga tao na maghugas ng kamay, magtakip kapag umubo o bumahing, at magpanatili ng 6 na talampakang layo.

Linisin ang i-disinfect nang madalas ang mga surface na madalas hawakan, laruan, at iba pang bagay.

Nagtatakda ang [Pag-aalaga para sa Ating Mga Anak \(Caring for Our Children, CFOC\)](#) ng mga pambansang patakaran para sa paglilinis, pag-sanitize, at pag-disinfect ng mga pasilidad sa pag-aaral para sa mga bata.

Paigtingin ang mga pagsisikap sa paglilinis at pag-disinfect:

- Magtalaga ng iskedylul para sa paglilinis at pag-disinfect.
- [Regular na linisin, i-sanitize, at i-disinfect](#) ang mga surface at bagay na madalas gamitin, lalo na ang mga laruan at laro. Posibleng kasama sa mga ito ang mga doorknob, switch ng ilaw, hawakan ng lababo sa silid-aralan, mesa, higaan, toilet training potty, desk, upuan, cubby, at istraktura para sa palaruan.
- Kung kitang-kita na marumi ang mga surface, linisin ang mga ito gamit ang detergent o sabon at tubig bago i-disinfect ang mga ito.
- Gumamit ng mga panlinis na produkto ayon sa mga direksyon sa label. Epektibo ang karamihan ng mga disinfectant na ginagamit sa bahay. Para malaman kung ang isang disinfectant ay nasa listahan ng EPA ng produkto na epektibo laban sa coronavirus, pumunta sa <https://www.epa.gov/pesticide-registration/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2>. Sundin ang mga tagubilin ng manufacturer para sa konsentrasyon, paraan ng paggamit, at tagal ng pagbabad para sa mga produkto sa paglilinis at pag-disinfect.
- Magbigay ng mga rehistrado sa EPA na disposable wipes sa mga miyembro ng tauhan, kung posible, para mapunasan ang mga karaniwang ginagamit na surface tulad ng mga keyboard, desk, at remote control bago gamitin. Kung walang available na wipes, sumangguni sa gabay ng CDC tungkol sa [pag-disinfect para sa mga setting ng komunidad](https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html) sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html>.
- Panatilihin secure at hindi naaabot ng mga bata ang lahat ng gamit na panlinis.
- Tiyaking may sapat na bentilasyon kapag ginagamit ang mga produktong ito para hindi makalanghap ang mga bata at tauhan ng mga toxic fume.
- Sumangguni sa “Cleaning and Disinfecting Your Facility” (“Paglilinis at Pag-disinfect sa Iyong Pasilidad”) ng CDC sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html> at gabay sa paglilinis at pag-disinfect ng SFDPH sa <https://www.sfdcp.org/covid19> sa ilalim ng “Cleaning Recommendations” (“Mga Rekomendasyon sa Paglilinis”).



Maglinis at Mag-sanitize ng Mga Laruan

- Huwag gumamti ng mga laruan na hindi malilinis o masa-sanitize.
- Itabi ang mga laruang isinusubo ng mga bata o kung hindi naman ay kontaminado ng mga secretion o excretion ng katawan. Linisin ang mga ito gamit ang kamay habang may suot na mga guwantes. Linisin muna ito gamit ang tubig at detergent, banlawan, at pagkatapos ay i-sanitize ang mga ito gamit ang nakarehistro sa EPA na disinfectant, at patuyuin sa hangin.
- Itabi ang mga laruan na kailangang linisin. Ilagay ang mga ito sa lagayan na may tubig at sabon o sa isang hiwalay na lagayan na may markang “mga maruming laruan.” Huwag hayaan na maabot ng mga bata ang lagayan para maiwasan ang panganib ng pagkalunod.
- Huwag gawing hiramang mga laruan sa pagitan ng mga bata at teenager. Maghugas at mag-sanitize ng mga laruan bago ilipat ang mga ito sa ibang grupo.
- Ang mga laruang gawa sa tela ang nalalabhan sa washing machine ay dapat gamitin lang ng isang bata sa isang pagkakataon, o hindi na lang talaga gamitin.
- Ang mga aklat at iba pang materyal na gawa sa papel tulad ng liham o mga sobre ay hindi na nangangailangan ng paglilinis o pag-disinfect.

Higaan

- Gumamit ng higaan (mga sapin, unan, kumot, sleeping bag) na puwedeng labhan.
- Panatilihin magkakahiwalay ang higaan ng bawat bata. Pag-isipan ang pag-iimbak ng higaan sa mga lagayan, cubby, o bag na indibidwal na may label.
- Ang mga higaan na dumidikit sa balat ng bata ay dapat labhan nang lingguhan o bago gamitin ng ibang bata.
- Lagyan ng label ang mga cot at mat para sa bawat bata.

Ang gagawin kung ang isang bata, teenager, o tauhan ay nalantad o nagkaroon ng COVID-19

Kailangan bang isara ang isang pag-aalaga sa bata o day camp sa tag-init kung may COVID-19 ang isang miyembro ng pamilya o miyembro ng sambahayan ng isang bata o tauhan?

Karaniwang itinuturing na nasa mababang panganib ang programa sa pag-aalaga sa bata o tag-init, at karaniwang hindi inirerekomenda ang mga pagpapasara. Gayunpaman, hindi dapat payagan ng programa na bumalik ang bata o tauhan sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng kanilang huling malapit na contact sa tao sa kanilang sambahayan. Para sa mga tauhan, tingnan ang gabay ng SFDPH tungkol sa pagbalik sa trabaho sa <https://sfcdcp.org/COVID-19/rtw>.

Ano ang dapat gawin ng isang pag-aalaga sa bata o day camp sa tag-init kung ang isang bata, teenager, o tauhan ay may impeksyon ng COVID-19 na nakumpirma ng isang positibong pagsusuri sa COVID-19?

1. **Makipag-ugnayan sa Hub ng Mga Paaralan at Pag-aalaga sa Bata (Schools and Childcare Hub) ng SFDPH** para sa konsultasyon at gabay sa **(415)-554-2830**, Pindutin ang **1** para sa COVID-19, at pagkatapos ay pindutin ang **6** para sa Mga Paaralan **Schools-childcaresites@sfdph.org**



2. **Isara ang pasilidad sa loob ng 2-5 araw.** Ang sandaling pagsasara na ito ay magbibigay-daan sa ligtas na paglilinis at pag-disinfect ng gusali, at para matukoy ng mga lokal na opisyal sa kalusugan ang mga naaangkop na susunod na hakbang.
3. **Makipag-ugnayan sa mga tauhan, magulang, at mag-aaral.**
Panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng bata, teenager, o miyembro ng tauhan na may COVID-19 ayon sa ipinag-aatas ng Batas sa Mga American na may Kapansanan (Americans with Disabilities Act), Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribado sa Edukasyon ng Pamilya (Family Education Rights and Privacy Act), at posible na sa Batas sa Portability at Accountability ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA).
4. **Maglinis at mag-disinfect nang husto.**
Sumangguni sa seksyong may pamagat na “Cleaning and disinfecting your building or facility if someone is sick” (“Paglilinis at pag-disinfect ng iyong gusali o pasilidad kung mayroong may sakit dito”) sa webpage ng CDC tungkol sa Paglilinis at Pag-disinfect, sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html>
5. **Makipagtulungan sa SFDPH para malaman kung kailan muling magbukas ang pag-aalaga sa bata o camp.**
Alamin kung kailan makakapasok ulit ang mga tauhan, at kung ano ang mga karagdagang hakbang na kinakailangan para makabalik ang maga bata.

Mga Karagdagang Sanggunian

Manatiling may alam. Mabilis na nagbabago ang impormasyon. May makikitang mahalagang impormasyon sa:

- **San Francisco Department of Public Health (SFDPH)**
 - What to do if Someone at the Workplace Tested Positive for COVID-19 (Ano ang gagawin kung Nagpositibo para sa COVID-19 ang Isang Tao sa Trabaho sa) <https://www.sfdcp.org/covid19> sa ilalim ng Mga Negosyo at Employer.
 - Leaving Isolation or Returning to Work for Those Who Have Confirmed or Suspected COVID-19 (Pag-alis sa Pag-isolate o Pagbabalik sa Trabaho para sa Mga May Kumpirmado o Pinaghihinalaang COVID-19) <https://www.sfdcp.org/covid19/rtw>
- **California Department of Public Health (CDPH)**
 - <https://www.cdph.ca.gov/programs/cid/dcdc/pages/immunization/ncov2019.aspx>
- **California Department of Social Services**
 - <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/child-care-licensing>
 - PIN #20-06-CCP: Social and Physical Distancing Guidance and Healthy Practices for Child Care Facilities in Response to the Global Coronavirus (COVID-19) Pandemic (PIN #20-06-CCP: Gabay sa Social at Physical Distancing at Mga Malusog na Kasanayan para sa Mga Pasilidad sa Pag-aalaga ng Bata bilang Tugon sa Pandaigdigang Coronavirus (COVID-19) Pandemic, 4/7/2020) https://cdss.ca.gov/Portals/9/CCLD/PINs/2020/CCP/PIN_20-06-CCP.pdf
Bersyon sa Spanish: <https://www.cdss.ca.gov/Portals/9/CCLD/PINs/2020/CCP/PIN-20-06-CCP-SP.pdf>



- **Centers for Disease Control and Prevention (CDC)**

- Guidance for Schools and Childcare (Gabay para sa Mga Paaralan at Pag-aalaga sa Bata):
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/index.html>
- Guidance for Child Care Programs that Remain Open (Gabay para sa Mga Programa sa Pag-aalaga sa Bata na Nananating Bukas)
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html>
- Considerations for Youth and Other Camps (Mga Pagsasaalang-alang para sa Camp sa Teenager at Iba Pang Camp)
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html>
- CDC Child Care Decision Tree to assist directors and administrators in making (re)opening decisions during the COVID_19 pandemic (Tutulungan ng CDC Child Care Decision Tree ang mga direktor at tagapangasiwa sa mga pagpapasya sa (muling) pagbubukas sa panahon ng COVID-19 pandemic)
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/Childcare-Decision-Tree.pdf>
- CDC Youth Programs and Camps Decision Tree to assist directors and administrators in making (re)opening decisions during the COVID_19 pandemic (Tutulungan ng CDC Youth Programs and Camps Decision Tree ang mga direktor at tagapangasiwa mga pagpapasya sa (muling) pagbubukas sa panahon ng COVID-19 pandemic)
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/Camps-Decision-Tree.pdf>
- Cleaning and Disinfection (Paglilinis at Pag-disinfect)
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html>